ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo LVII Blg. 12
Hunyo 21, 2026
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

# Labanan ang hayok-sa-gerang imperyalismong US




Mahigit 100 araw mula noong Pebrero 28 nang simulan ng imperyalismong US at Zionistang estado ng Israel ang paglusob at ilang linggong pambobomba sa bansang Iran, pinirmahan ng dalawang bansa noong Hunyo 17 ang *memorandum of understanding* o "unawaan" matapos ang masalimuot na negosasyon sa Islamabad, Pakistan. Laman ng unawaang ito ang "ceasefire" o tigil-putukan sa loob ng 60 araw para pag-usapan ang mga detalye ng bubuuing pinal na kasunduan.

Ang kasunduang ito ay pinasok ng US matapos mabigong paluhurin ang Iran para isuko ang kanyang langis at soberanya, at ipailalim ito sa kanyang dikta. Sa kabila ng higit na superyor na lakas militar at paulit-ulit na deklarasyon ng tagumpay ng hibang na presidente nito, napwersa ang US na pansamantalang iatras ang agresyon sa Iran, sa harap ng malalim na pampulitikang bitak sa naghaharing uri sa US, at malakas na angal ng mga mamamayan sa patuloy na sumisirit na presyo ng langis.

Patunay rin ang kasunduan ng kakayahan ng isang mas maliit at mas mahinang bansang may soberanya, na ipagtanggol ang kanyang kasarinlan laban sa higit na makapangyarihang imperyalista. Sa kabila ng walang habas na pambobomba ng US at Israel, nanatiling determinado ang Iran na ipagtanggol ang kanyang kasarinlan. Taliwas sa panaginip ni Trump at Netanyahu na mag-aalsa ang mamamayan laban sa kanilang gubyerno, nagkaisa ang buong Iran sa ilalim ng bandila ng pambansang pagtatanggol. Milyun-milyon ang nagtipon sa mga lansangan upang sabay-sabay na tuligsain ang panggagahis sa kanila ng imperyalismong US.

Napirmahan man, nananatili sa balag ng alanganin ang kasunduan. Patuloy ang pang-uupat at pahayag ni Trump na "babalik sa gera" at "huhulugan ng bomba ang kanilang mga ulo" kung hindi makukuha ang gusto sa kasunduan. Wala pa ring awat ang pambobomba at pang-aagaw ng Israel sa teritoryo ng Lebanon. Nananatili ang humigit kumulang 20 base militar nito sa Kuwait, Qatar, Bahrain, United Arab Emirates (UAE), Saudi Arabia, Oman at Iraq sa palibot ng Iran.

Habang pansamantalang pinreno ng US ang agresyon sa Iran, patuloy namang pinatitindi ang panghihimasok nito sa Latin America. Matapos lusubin ang Venezuela at dukutin ang presidente nitong si Nicolas Maduro at asawa niyang si Cilia Flores, walang lubay ang pagdidiin nito sa gubyerno ng Venezuela para sumunod sa mga dikta ng US at magsilbi sa interes ng malalaking kapitalistang Amerikano, laluna ng malalaking kumpanya sa langis.

Ginagamit nito ang pakanang "gera kontra narkotiko" para bigyang matwid ang panghihimasok at pagbabanta sa Mexico, Colombia, Guatemala at iba pang bansa. Patuloy ang pambobomba nito sa mga maliliit na sasakyang pandagat sa Caribbean, kahit walang pruwebang

sangkot ang mga iyon sa droga. Patuloy ang panggigipit at pagbabanta nito sa bansang Cuba para ipabaklas ang kontrol at pagplano ng estado sa ekonomya, at buksan ito sa pagpasok ng dayuhang malalaking bangko at kapitalista. Inuupat nito ang gubyerno sa Bolivia na sugpuin ang ilang linggo nang mga martsa at pag-aaklas ng milyun-milyong anakpawis laban sa papet na gubyerno at planong pagsuko ng mga rekurso ng bansa sa US. Direkta itong nakikialam para ipanalo ang maka-US na kandidato nito sa Colombia.

Patuloy ang US sa pagpupwesto ng ilampung libong tropa, mga sandata at kagamitang pandigma at pwersang nabal sa Pilipinas, sa Japan, South Korea at iba pang bansa sa Asia, para "palibutan" at "pigilan ang paglakas" ng China. Sige ang sulsol at suporta sa Japan sa pagpaling sa militarismo at pagtalikod sa kontra-gerang konstitusyon, na sinalubong ng malawak na protesta ng mamamayan. Sinusulsulan rin ang Taiwan na magpalakas ng militar at maghanda "laban sa agresyon."

Tuluy-tuloy na pinalalakas ng US ang kontrol at dominasyon nito sa Pilipinas. Sunud-sunod at sapinsapin ang ehersisyong militar hindi na lamang sa hilagang Luzon, kundi hanggang sa Visayas at Mindanao. Isinasagawa ngayon ng AFP, sa tulak ng US, ang tinaguriang "territorial defense exercises" na mga ehersisyong militar sa iba't ibang isla, para tabingan ang pag-eensayo ng maniobra ng mga tropang Amerikano sa buong bansa. Sinisimulan ng US na itayo ang imbakan ng langis (*fuel depot*) sa Davao Gulf, at mga pasilidad sa Cebu at Cagayan de Oro para sa pagkukumpuni o daungan ng mga barkong nabal nito.

Sa tabing ng Salaknib Exercises, Kasangga at mga katulad nito, nanghihimasok ang militar ng US sa mga operasyong kontra-gerilya sa bansa, sa anyo ng pagsasanay, pagpopondo at pag-aarmas sa AFP sa gera laban sa Bagong Hukbong Bayan. Sa Camarines Sur, nakita ang mga tropang Amerikano at Australian na kasama sa mga operasyon ng AFP laban sa masang magsasaka sa mga baryo.

Puspusan itinutulak ng US ang pagtatayo sa Central Luzon ng 1,200-ektaryang "economic security zone" sa balangkas ng Pax Silica. Bahagi ito ng pakana ng US na agawin ang eksklusibong kontrol sa mga pangunahing pinagkukunan ng mga krusyal na mineral para sa produksyon ng teknolohiyang kailangan para sa kanyang mga sandatang pandigma.

Sa harap ng nagpapatuloy na agresyong militar at pang-ekonomya ng imperyalismong US, dapat tuluy-tuloy na palakasin at palawakin ang pagkakaisa ng sambayanang Pilipino, para igiit ang kasarinlan ng bansa at tutulan ang pagkakaladkad sa Pilipinas sa mga gerang sinisindihan ng US. Dapat batikusin at labanan ang papet na rehimeng Marcos, higit lalo ang mga upisyal nito sa militar at depensa na mga ahente ng imperyalismong US at numero unong taksil sa bayan. Bulag silang tagasunod sa mga dikta ng among Amerikano at kasabwat sa pamamayagpag ng mga pwersang militar ng US sa Pilipinas, sa kapinsalaan ng kabuhayan at kaligtasan ng mamamayan, at kalayaan ng bansa.

Patuloy na palakasin ang mga pakikibakang masa laban sa lumalaking presensyang militar ng US sa Pilipinas. Palakasin ang kilusang edukasyon, propaganda at pangkultura para mulatin ang mamamayang Pilipino, na patuloy na binubulag sa katotohanan ng paghahari at pang-aapi ng imperyalismong US sa bansa. Palawakin ang mga pagkilos ng mamamayan laban sa mga base at pasilidad militar ng US, mga tagibang na kasunduang militar, mga pag-eensayong gera, presensya ng mga tropang Amerikano, at nakaimbak na mga kagamitang militar ng US sa bansa.

Dapat palakasin ang rekrutment sa Bagong Hukbong Bayan bilang pangunahing sandata ng sambayanang Pilipino sa paglaban sa pang-aapi ng imperyalismong US sa bansa. Katulad ng ipinakita sa kasaysayan, ang tunay na pambansang kalayaan ay makakamit sa landas ng armadong rebolusyon. Habang hindi tunay na nakaaalpas ang Pilipinas sa dagit ng imperyalistang US, magpapatuloy ang sambayanang Pilipino sa sandatahang paghihimagsik para kamtin ang hinahangad na paglaya ng bansa. AB


ANG Bayan

Tomo LVII Blg. 12 | Hunyo 21, 2026

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.


## Nilalaman


**Editoryal:** Labanan ang hayok-sa-gerang imperyalismong US 1
Operasyong ambus at haras ng BHB-Negros 3
Makibaka-Central Negros, itinatag 3
Deklarasyong SIPS sa Calabarzon, hungkag 3
Kataksilan ng US-Israel sa kapayapaan sa Iran 4
Mga protesta sa araw ng huwad na kalayaan 5
Nakakampong mga sundalo, pinalayas 5
Mga protesta 5
ITDOEx: Pagkaladkad ng US sa mga lokal na gubyerno 6
RGRL hindi CARP, ang sagot sa problema sa lupa 7
Kolektibong pagsasaka, tugon ng masa at hukbo 8
Sa madaling salita 9
EPIRA: 25 taong pagpapahirap sa masang Pilipino 10
Pagbawi ng nakaw na yaman ng pamilyang Marcos 11
Mga paglabag sa karapatang-tao ng AFP 11
Ika-10 kongreso ng FRSO ng US, binati ng PKP 12



Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas



ang.bayan@cpp.ph cpp_angbayan

## Operasyong ambus at haras, inilunsad ng BHB-Negros

MAGKASUNOD NA TAKTIKAL na opensiba ang inilunsad ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Negros Island noong Hunyo 12 at 14. Isang aktibong depensa naman ang inilunsad sa Northern Samar.

Noong Hunyo 14, inambus ng BHB-Northern Negros (Roselyn Jean Pelle Command) ang tropa ng Regional Mobile Force Battalion-Negros Island Region na nagsasagawa ng kontra-insurhensyang operasyon sa Sityo Alimpolosan, Barangay Lalong, Calatrava, Negros Occidental. Itinigil ng mga Pulang mandirigma ang pagpapaputok nang mapansin nilang mayroong mga sibilyang kasama ang mga pulis. Hindi na ipinagpatuloy ng mga Pulang mandirigma ang pagsugod para matiyak ang kaligtasan ng mga ito.

Ang inambus na yunit ng pulis ay nasa erya para ipagpatuloy ang Retooled Community Support Program (RCSP) na sinimulan ng 79th IB. Ang RCSP ay isang pakitang-taong programa at tabing para ibayong patindihin ang militarisasyon sa kanayunan.

Noong Hunyo 12, nabulabog ang mga sundalo ng 62nd IB sa detatsment sa Barangay Sikatuna, Isabela, Negros Occidental sa inilunsad na operasyong haras ng BHB-Central Negros (Leonardo Panaligan Command). Isang pasistang sundalo ang napatay at isa ang nasugatan sa armadong aksyon.

Sa Northern Samar, naglunsad ng armadong aksyon ang BHB-Northern Samar (Rodante Urtal Command) laban sa 20th IB sa Barangay Catotoogan, Las Navas noong Hunyo 4 ng hapon. Naunang nakapamutok at aktibong nakapagdepensa ang Pulang hukbo laban sa nag-ooperasyong mga sundalo. Anim na tropa ng 20th IB ang napatay at maraming iba pa ang nasugatan. Sa ospital, dalawa pa ang namatay kalaunan.

## Makibaka-Central Negros, itinatag

NOONG HUNYO 12, ITINATAG ng kababaihan sa Central Negros ang lokal na balangay ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (Makibaka). Naisagawa ang pagtitipon sa isang erya sa larangang gerilya sa gitna ng matinding operasyong militar.

Nagpakilala ang tagapagsalita ng Makibaka-Central Negros na si Ka Inday Gemodo, bilang pagparangal at pagpupugay sa Pulang mandirigma ng BHB-Central Negros na si Juliana Arculo Gemodo, 63, na namartir noong Enero. Nagalay ng 21-*gun salute* ang BHB para kay Gemodo at iba pang mga martir. Naghandog rin sila ng mga awit at talumpati. Nangako ang kababaihan ng Central Negros na magpupursigi at tatahakin ang landas na binagtas ni Gemodo bilang isang rebolusyonaryo.

# Deklarasyong SIPS sa Calabarzon, hungkag

Kinutya ng rebolusyonaryong kilusan sa Southern Tagalog ang deklarasyong Stable Internal Peace and Security (SIPS) ng rehimeng Marcos at Armed Forces of the Philippines (AFP) sa rehiyong Calabarzon (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal at Quezon) noong Hunyo 12. Deklarasyon ng AFP na "payapa" at wala nang impluwensya ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon.

Ayon kay Ka Cleo del Mundo, tagapagsalita ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Southern Tagalog (Melito Glor Command), nangangarap nang gising ang rehimeng US-Marcos sa deklarasyong ito. "Habang nagpapanggap na wala nang rebolusyonaryong pwersa sa Calabarzon, todo at walang puknat naman ang mga operasyong militar sa iba't ibang bahagi nito," aniya. Patuloy umano ang panghahalihaw ng mga pwersa ng Southern Luzon Command ng AFP at 2nd ID sa mga kabundukan at kanayunan.

Dagdag ni del Mundo, ang "kapayapaan" na nais ng SIPS ay para sa mga imperyalista, malalaking negosyo at korporasyon. Higit silang binibigyang laya ng rehimen na dambungin ang likas na yaman, palayasin ang mga magsasaka, baratin ang sahod ng mga manggagawang-bukid at pagkaitan ng serbisyong panlipunan ang mamamayan.

Bahagi rin umano ang deklarasyon ng paghahandog sa imperyalismong US ng katapatan at garantiya na malaya nang gamitin ang rehiyon sa gerang agresyon at iba pang pang-ekonomyang interes nito. Magiging "malaya" nang ipwesto ng mga imperyalista ang kanilang tropa saan mang sulok nang rehiyon dahil “wala” na ang mga “balakid.”

May bigat ito laluna at ang Calabarzon ay isa sa mga pinaglunsaran ng Balikatan Exercises at kabahagi ng Luzon Economic Corridor na magsisilbi sa nilulutong imperyalistang gera laban sa China. Nagbabalak pa itong magtayo ng paliparan sa Sangley Point, Cavite, na may pangmilitar at komersyal na gamit.

Kung kaya naman, ayon kay del Mundo, habang umiigting ang pang-aapi at pagsasamantala ay magpapatuloy ang paglaban ng mamamayan at mananatili silang nakasalig sa rebolusyonaryong kilusan, na nakikita nilang tanging kakampi sa harap nito. "Hindi kailanman mawawala ang hukbong bayan sa Southern Tagalog. Nakahanda ang mga yunit ng BHB sa ilalim ng Melito Glor Command na magpunyagi sa armadong rebolusyon at dalhin ito hanggang tagumpay," aniya.

Bilang patunay ng patuloy na pagpupunyagi ng rebolusyonaryong kilusan sa Calabarzon, naglabas ng kani-kanyang pahayag ang mga yunit ng BHB mula sa Batangas, Rizal at Quezon, at ang National Democratic Front sa Cavite at Laguna. Idineklara nila ang kapasyahang magpupunyagi at susulong laluna sa diwa ng kilusang pagwawasto. AB

# Sagka ang kataksilan ng US at Israel sa kapayapaan sa Iran, Middle East

Nananatiling walang katiyakan ang katapusan ng gerang agresyon ng US at Israel sa Iran at Middle East sa kabila ng pinirmahan ng gubyerno ng US at Iran na "memorandum of understanding" o MOU para sa kapayapaan (Islamabad Memorandum of Understanding) noong Hunyo 17.

Pinirmahan nina Iran President Masoud Pezeshkian at US President Donald Trump ang *memorandum* sa paraang elektroniko. Pumirma rin dito si Pakistan Prime Minister Shehbaz Sharif bilang taga-endorso ng *memorandum* at nagsilbing tagapamagitan sa negosasyon ng dalawang panig.

Mayroong 14 na punto ang naturang *memorandum*. Alinsunod dito, iiral ang tigil-putukan sa loob ng 60 araw na magbibigay daan sa pagbubuo ng isang "pinal na kasunduan." Saklaw ng tigil-putukan ang pag-atake ng Israel sa Lebanon.


Sa kabila nito, paulit-ulit ang pagbabanta ng US na bumalik sa panggegera "kung hindi tutupad" ang Iran sa mga tuntunin. Ito ay habang tumatanggi ang US na tunay na rendahan ang Zionistang Israel na tumalima sa tigil-putukan sa Lebanon. Wala pang 24 oras mula nang pirmahan ang *memorandum*, inatake na ng Israel ang Lebanon.

Kabilang rin sa mga napagkasunduan ang pagbubukas ng Iran sa Strait of Hormuz at ang pag-atras ng US sa blokeyo sa mga pyer ng Iran. Kasabay nito, iginiit ng Iran na mayroon itong soberanong karapatang pangasiwaan ang kipot at magpapataw ng kabayaran para sa mga serbisyo ng pagdaan dito ng mga barkong may lulang langis. Dahil sa pag-atake ng Israel sa Lebanon, inianunsyo ng Iran ang muling pagsasara sa kipot noong Hunyo 20.

Nakuha rin ng Iran ang pangako ng US na itutulak ang mga "katuwang na bansa sa rehiyon" na bunuin ang $300 bilyong pondo para sa rekonstruksyon ng bansa. Nangako rin ang US na tatanggalin nito ang mga ipinataw na sangsyon sa Iran at maglalabas ng mga "pahintulot" sa pag-eeksport ng langis. Nagkasundo rin ang dalawang panig sa usapin ng paglikha o pagbili ng armas nukleyar ng Iran na sinasabi ng US na dahilan ng panggegera nito.

Nakasaad rin sa *memorandum* na "igagalang" ng dalawang bansa ang soberanya at integridad sa teritoryo ng bawat isa at iiwasan ang pakikialam sa kani-kanilang internal na mga usapin.

Para sa Iran, ang pagkakapirma sa *memorandum* ay isang tagumpay. Anito, malinaw na nabigo ang US sa idineklara nitong layunin ng gerang agresyon sa Iran kung kaya humantong ito sa isang *memorandum*.




**Ang pinsala ng gera**

Ang gerang agresyon ng US at Israel sa Iran at Middle East, na nagsimula noong Pebrero 28, ay tumagal ng mahigit 100 araw bago ang pagpirma sa *memorandum*. Nagkaroon ng pansamantalang patlang sa gera nang magkasundo para sa dalawang linggong tigil-putukan mula Abril 8 na makaisang-panig na pinalawig ni Trump noong Abril 21 habang ipinapapatuloy ang mga pag-atake.

Sa ika-100 araw ng gerang agresyon noong Hunyo 7, naitala ang hindi bababa sa 3,468 na mga napatay ng US-Israel sa Iran, kabilang ang Supreme Leader nito na si Ali Khamenei. Napatay sa gera ang walong sanggol, 376 mga bata at 496 kababaihan, habang 26,500 indibidwal ang nasugatan. Sa mga pag-atake ng US-Irael sa katabing bansa ng Lebanon, umabot na sa 3,593 ang napatay habang 10,990 ang nasugatan.

Nakapaglunsad ng mga kontraatake at pagtatanggol ang Iran at iba pang armadong pwersang lumalaban sa gerang agresyon. Hindi bababa sa 68 ang napatay nila kabilang ang 13 tropa ng US, 26 pwersa ng Zionistang Israel, at 26 armadong pwersa ng mga tutang gubyerno sa Middle East.

Samantala, nagpapatuloy ang henosidyo ng Zionistang Israel sa Gaza Strip at iba pang bahagi ng okupadong lupain ng Palestine. Sa kabila ito ng napirmahang kasunduan para sa "tigil-putukan" ng Hamas at Israel noong Oktubre 2025 na pinagitnaan ng US. Hindi bababa sa 1,005 na mga Palestino ang pinatay ng Israel mula nang napirmahan ang kasunduan. Mula Oktubre 2023, mahigit 71,000 Palestino na ang pinatay ng Israel kabilang ang 20,179 bata. AB

## Araw ng huwad na kalayaan, sinalubong ng protesta kontra imperyalismong US

LIBU-LIBONG PILIPINO ang nagmartsa patungo sa embahada ng US sa Maynila noong Hunyo 12, ika-128 anibersaryo ng "Araw ng Kalayaan," upang tuligsain ang patuloy na dominasyon ng imperyalismong US sa bansa. Sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan), kinundena nila ang huwad na kalaayan, laluna sa harap ng paparami at sapin-saping *war games*, pagtatayo ng "Pax Silica hub," at paglalagay ng mga base at armas ng US sa Pilipinas.

Daan-daang pulis ang sumalubong at humarang sa mga nagprotesta sa Kalaw Avenue. Ibinarikada sa kalsada ang mga alambreng tinik para pigilan ang martsa, subalit ito ay binaklas ng mga nagprotesta. Naglunsad sila ng programa sa lugar kung saan sila pinigilan ng pulis.

Sa Cavite, nagsagawa ng kilos protesta sa Kawit at Bacoor, kung saan tatlong beses tinangkang pigilan ng mga pulis ang mga raliyista. Binutas ng pinaghihinalaang ahente ng estado ang gulong ng mga sasakyan ng mga nagprotesta. Nagkaroon din ng mga pagkilos sa mga syudad ng Cebu, Iloilo, at Davao.

Kasabay nito, naglunsad ng mga protesta ang mga Pilipino sa ibayong dagat. Sa New York, lumahok sa parada ang grupong Bayan USA at Migrante USA bitbit ang mga panawagan na hustisya para sa mga *caregiver* at Negros 19. Sa California, nanawagan sila para sa pagpapalaya kay Kuya Richard sa Otay Mesa Detention Center. Nagkaroon din ng mga pagkilos sa Australia at Hong Kong, kung saan binatikos ang militarismo ng US at kawalan ng tunay na kalayaan sa Pilipinas.

## Nakakampong mga sundalo, pinalayas ng mga residente

MATAGUMPAY NA NAPALAYAS noong Hunyo 2 ng mga residente ng Sityo Green Valley, Barangay Nalus, Kiamba, Sarangani ang tropa ng 105th IB na ilang buwan nang nakakampo at naglulunsad ng kontra-insurhensyang Retooled Community Support Program (RCSP) sa kanilang komunidad. Labag sa internasyunal na makataong batas ang pagkakampo ng militar sa sentro ng barangay.

Nagkakaisang kumilos ang mga residente at gumawa ng mga hakbang para mapalayas ang mga sundalo. Kabilang sa ginawa ng mga residente ang sama-samang pagalis sa sentro ng barangay para tumira sa ibabang bahagi ng komunidad. Sinuway rin nila ang mga utos ng mga sundalo katulad ng pagpapabli ng suplay, pag-iigib ng tubig at iba pa. Kasama sa mga pagkilos na ito ang mga lider ng sityo at ilang upisyal ng barangay.

Nagsisilbing kumander ng 105th IB si Lt. Col. Erikzen Dacoco na itinalaga noon lamang Pebrero. Ang batalyon ay mahigit tatlong taon pa lamang mula nang binuo sa ilalim ng 6th ID noong Pebrero 2023.

**Paglipat ng kulungan kay Jovito Palparan, kinundena.** Nagtungo sa Korte Suprema noong Hunyo 15 sina Erlinda Cadapan at Concepcion Empeño, mga ina ng nawawalang aktibistang sina Sherlyn Cadapan at Karen Empeño, upang igiit na isiwalat ang kinaroroonan ng dating heneral na si Jovito Palparan. Si Palparan ay nahatulan ng habambuhay na pagkabilanggo nang walang *parole* noong 2018 sa kasong *kidnapping* at *serious illegal detention* laban sa dalawa. Kinuwestyon ng mga ina, katuwang ang Karapatan, ang pagkawala ni Palparan mula sa New Bilibid Prison matapos ibalik ang mga *legal notice* na may markang "transferred to BuCor-Baguio" at "PMA Baguio." Ayon naman sa NBP, nasa "ospital" lamang umano siya.

**Mga mangingisda ng Navotas City, muling nagprotesta kontra reklamasyon.** Muling nagprotesta sa Navotas City ang mga mangingisda noong Hunyo 8 bilang paggunita sa World Oceans Day at pagkundena sa mga proyektong reklamasyon sa Manila Bay. Pangunahing binatikos ng Pamalakaya-Navotas ang 650-ektaryang Navotas Coastal Bay Reclamation Project na itinutulak ng lokal na gubyerno at Argonbay Construction, subsidyaryo ng San Miguel Corporation. Ayon sa grupo, isinasapanganib ng proyekto ang kabuhayan, karapatan, at buhay ng mga residente, kasama ang banta ng pagpapalayas, pagbaha, at pagkawasak ng kalikasan.


**Hustisya para sa namatay na mga estudyanteng basketbolista ng ADMU, ipinanawagan.** Naglunsad ng *walkout* ang mga estudyante at guro ng Ateneo de Manila University (ADMU) sa Quezon City noong Hunyo 19 upang ipanawagan ang hustisya sa pagkamatay ng dalawang basketbolista na sina Rene Baterbonia at Divine Adili. Nasawi ang dalawa matapos malunod sa Dipaculao, Aurora noong Hunyo 8 sa gitna ng treyning at aktibidad ng tim sa basketbol. Nananawagan ang mga estudyante, guro at propesor ng ADMU sa administrasyon ng unibersidad na maging tapat sa publiko, panagutan ang nangyari, humingi ng paumanhin at bigyang hustisya ang pamilya ng mga biktima. Bago nito, naglunsad ng programa at nagtirik ng kandila ang mga progresibong grupo at estudyante noong Hunyo 10.

**Pagpapalaya kay Mary Jane Veloso, muling ipinanawagan.** Nagprotesta sa harap ng Correctional Institute for Women sa Mandaluyong Citya ang iba't ibang grupo, sa pangunguna ng Migrante International, noong Hunyo 19 upang ipanawagan ang agarang paglaya ni Mary Jane Veloso. Ang pagkilos ay itinaon sa pagbibigay ni Veloso ng pahayag hinggil sa isinampa niyang kasong *human trafficking, illegal recruitment* at *estafa* noong 2015 laban sa kanyang rekruter. Ito ang unang beses na makapagbibigay siya ng kanyang testimonya.

Inter-Agency Territorial Defense Operations Exercise:

# Pagkaladkad sa mga lokal na gubyerno sa imperyalistang gera ng US sa Asia

Ipinakakaladkad ng papet na rehimeng Marcos sa kapahamakan at panganib ng imperyalistang gera ng US ang mga lokal na gubyerno sa paglulunsad ng Inter-Agency Territorial Defense Operations Exercise (ITDOEx). Isa itong *war games* ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na tinatabingan ng katawagang "pagtutulungang militar-sibilyan" sa panahon ng matinding krisis at sakuna.



Sa ilalim nito, "magtutulungan" ang mga lokal na gubyerno (mula barangay hanggang prubinsya), mga sibilyang ahensya, at mga unipormadong pwersa ng rehimen katulad ng AFP, Philippine National Police, Bureau of Fire Protection, Philippine Coast Guard, Philippine Air Force, at Office of Civil Defense. Paghahanda umano ito sa pagtugon sa mga panlabas na banta kabilang ang pagsalakay sa baybayin, kontra-impiltrasyon at pag-atakeng misayl, at mga kumplikadong sakuna at krisis. Pinahihigpit nito ang kontrol ng US hanggang sa antas ng lokal na gubyerno.

Nakabalangkas at bahagi ng Comprehensive Archipelagic Defense Concept (CADC) ng AFP ang ITDOEx. Inilalako ng AFP ang CADC para diumano sa proteksyon ng *exclusive economic zone* ng Pilipinas sa Palawan (kung saan palagian ang presensya ng mga barkong Amerikano at Chinese), at sa Batanes (na balak gawing himpilan ng US dahil sa lapit nito sa Taiwan).

Nakabalangkas ang CADC sa mas masaklaw na "archipelagic defense strategy" ng US na nagtulak para sa paglalatag ng sistema ng mga misayl at kanyon sa tinagurian nitong "first-island chain." Pinapayungan ito ng agresibo at mas masaklaw pang Indo-Pacific Security Strategy.

**Sa Zamboanga Peninsula at Panay**

Unang inilunsad ng rehimeng US-Marcos ang ITDOEx sa Zamboanga Peninsula na sinundan kamakailan ng pagsasanay sa isla ng Panay. Ang dalawang rehiyon ay kabilang sa mga kalupaang pinakamalapit sa Palawan, na magsisilbing suporta sa prubinsya sa panahong pumutok ang imperyalistang gerang US kontra China.

Noong Disyembre 12, 2025, inilunsad ang kauna-unahang ITDOEx na tinawag na Exercise Kalazamsur 01-2025 sa Zamboanga del Sur. Isinagawa ito sa Igat Island sa bayan ng Margosatubig kung saan lumahok ang mga sibilyang ahensya at lokal na gubyerno sa anim na bayan.

Matapos nito, naglabas ang Regional Peace and Order Council ng Zamboanga Peninsula ng isang resolusyon noong Enero para ilunsad ang ITDOEx sa ibang prubinsya at ibalangkas ang isang antas rehiyong *war games* sa ilalim ng Kalasag Zampen. Kaugnay nito, isinagawa ang mga *war games* sa Zamboanga del Norte noong Pebrero, Zamboanga Sibugay noong Marso at nakatakda ang antas-rehiyong *war games* sa ikatlong kwarto ng 2026.

Noong Hunyo 16-17, inilunsad ang ITDOEx Pag-ugyon 2026 sa Iloilo sa payong ng inilabas na Executive Order No. 2025-111 ng lokal na gubyerno. Isinagawa ang *war games* sa mga bayan ng Miag-ao at San Joaquin sa Iloilo, ngunit saklaw ng ginambala nito ang bayan ng Guimbal, at ang Anini-y at Hamtic sa Antique.

Sa mga *war games* na ito, gumamit ng mga sasakyan at barkong pandigma, mga helikopter, kanyon at iba pang armas ang AFP. Umalingawngaw rin ang maiingay na mga tunog ng "simulated" o makatotohanang senaryo ng mga pag-atake, na nagdulot ng labis na takot sa mga tao. Libu-libong indibidwal ang pinalahok sa kada aktibidad at gumastos ng milyun-milyong piso para rito.


**Pangamba at pagkabahala**

Nagdudulot ng malaking pangamba at pagkabahala ang ITDOEx sa mga komunidad. Ang *war games* ay "paghahanda" ng senaryo ng pagputok ng gera, na ngayon ay inuudyukan ng imperyalismong US sa Asia Pacific kontra sa karibal na China.

Sa halip na tugunan ng rehimeng US-Marcos ang dinaranas na krisis sa ekonomya, nagsasagawa ito ng magastos at maaksayang *war games* na gumagambala sa buhay at kabuhayan ng mamamayan. Sa isang pagsasanay, nilabag ng AFP ang karapatan ng mga estudyante nang gamitin ang isang unibersidad sa Iloilo bilang lapagan ng helikopter at sentro ng ebakwasyon.

Dagdag rito, kinukundisyon ng *war games* ang isip ng mga Pilipino na ang tanging paraan ng pagtatanggol sa mga karapatan ng bansa sa West Philippine Sea ay sa pamamagitan ng panggegera sa China. Dapat itakwil ng sambayanan ang ITDOEx at ipagtanggol ang pambansang soberanya ng Pilipinas sa paggigiit na ibasura ang hindi pantay na mga kasunduang militar, palayasin ang tropa at buwagin ang mga base militar (EDCA *site*) ng US sa bansa. AB

# RGRL, hindi CARP, ang sagot sa problema sa lupa ng magsasaka




Mga protestang magsasaka ang sumalubong noong Hunyo 10 sa ika-38 taong ng bangkaroteng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP). Tinagurian nila ang programang ito bilang "pinakamatagal, pinakamagastos at pinakamadugong huwad na reporma sa lupa" na ipinatupad ng reaksyunaryong estado.

Sa loob ng apat na dekada, hindi binuwag ng programa ang monopolyong kontrol ng mga panginoong maylupa at kapitalista sa malalawak na mga asyenda, plantasyon at malalaking tipak ng lupa. Sa halip, nagsilbi itong instrumento ng mga dayuhang kumpanya at lokal na panginoong maylupa para palawakin ang kanilang mga plantasyon para sa mga tanim pang-eksport, proyektong *real estate* at "pangkaunlaran," at nitong huli, mga proyekto para sa *renewable energy* sa mga lupang pang-agrikultura.

Pinalala pa ang kaayusang ito nang ipatupad ng rehimeng Marcos ang Support to Parcelization of Lands for Individual Titling o SPLIT ng World Bank. Layunin nitong basagin ang kolektibong pag-aari ng mga asosasyong magsasaka sa mga parsela ng lupa para gawing mas madali ang pagbenta ng indibidwal na mga parsela sa mga dayuhang kumpanya. Isinabay dito ang tinaguriang "Emancipation Act" para diumano sa "pagpapatawad" sa mga utang ng mga magsasaka, para wala nang babayaran ang mga bibili.

Habang ipinagkakait ang lupa sa mga magsasaka, sinasamantala ng mga dayuhang kumpanya at panginoong maylupa ang murang lakas-paggawa ng milyun-milyong magsasakang pumapasok sa mga di regular na mga trabaho para mabuhay. Sinasahuran sila ng mas mababa pa sa pambansang minimum, na malayong-malayo sa nakabubuhay na sahod.

**Isulong ang pakikibaka para sa reporma sa lupa**

Kabaligtaran sa pagturing ng CARP sa lupa bilang kalakal, itinuturing ito ng rebolusyonaryong kilusan bilang karapatan ng mga nagbubungkal. Pangunahing demokratikong nilalaman ng programa para sa demokratikong rebolusyong bayan ang pagtupad sa hangarin ng mga magsasaka na magmay-ari ng lupang binubungkal, at ang pagpawi sa iba't ibang porma ng pagsasamantalang pyudal at malapyudal. Tanging sa pagbabago ng kaayusan sa kanayunan mababago ang malapyudal na sistemang panlipunan sa Pilipinas.

Alinsunod sa Rebolusyonaryong Gabay sa Reporma sa Lupa (RGRL) ng Partido Komunista ng Pilipinas, prinsipal na tungkulin ng demokratikong gubyernong bayan na "makamit ang hangaring ito sa pamamagitan ng pagpapatupad ng komprehensibong reporma sa lupa." Nasa kaibuturan nito ang libreng pamamahagi ng lupa sa mga maralita at nakabababa hanggang panggitnang magsasaka. Kaakibat nito ang pagsusulong ng programa para sa pagtutulungan sa produksyon at pagpapalakas ng kapangyarihang pampulitika ng mga magsasaka laban sa mga naghaharing uri at kanilang mga armadong galamay sa kanayunan.

Kahit hindi pa nakakamit ang pambansang tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan, ipinatutupad na ng Partido at mga rebolusyonaryong pwersa ang RGRL, partikular na ang minimum na programa nito ng pagpapababa ng upa sa lupa, pagpawi sa usura, at pagtataas sa sahod ng mga manggagawang-bukid. Isinasakatuparan din ang mga programa para itaas ang kita ng mga magsasaka at isinusulong ang panawagan para sa pinakamainam na presyo ng kanilang mga produkto. Sa balangkas ng RGRL, inilulunsad ang mga pakikibakang anti-pyudal para makamit ang hustisyang panlipunan para sa milyun-milyong magsasaka at pakilusin sila para sa demokratikong rebolusyong bayan. Sa mismong sandali ng pagbagsak ng reaksyunaryong estado at pagtatayo ng demokratikong gubyernong bayan, ipatutupad ang maksimum na programa ng libreng pamamahagi ng lupa sa mga magsasakang nagbubungkal.

Sentral na tungkulin ang pagtatayo at pagpapalakas ng mga samahang magsasaka sa ilalim ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM). Sa gayon, tumpak ang panawagan ng PKM para palakasin ang mga pakikibakang anti-pyudal, palawakin ang mga samahang masa sa kanayunan, buuin ang libu-libong grupong pang-organisa, at masikhay na ilunsad ang mga kampanyang masang anti-pyudal, anti-pasista at anti-imperyalista. Panawagan din nito ang pag-aambag ng libu-libong Pulang mandirigma sa Bagong Hukbong Bayan (BHB).

"Pinakamataas na porma ng paglaban ng masang magsasaka ang mismong pagtangan ng armas," saad ng PKM sa pahayag nito noong Hunyo 10. Anito, sa paglakas ng BHB sa mga larangan, sa mga lupang may mga imperyalistang proyekto, at mga sakahang kinakamkam at pinalalayas ang mga magsasaka, hakbang-hakbang na madudurog ang kapangyarihang pampulitika at pang-ekonomya ng papet na estado at ng imperyalismong US. AB

# Kolektibong pagsasaka, tugon ng masa at hukbo sa krisis at gutom

Panahon na naman ng tag-ulan kaya abala ang pamilya ni Marilyn, isang magsasaka sa isang larangang gerilya sa Eastern Visayas, sa pagtatanim ng *upland rice*. Sa nakaraan, tanging ang pamilya niya ang bumabalikat sa mabibigat na gawain ng paghahanda ng lupa hanggang pagtatanim ng bigas para may makain. Pero ngayong taon, isang buong yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang magiging katuwang nila.

Nangangailangan ng mahabang panahon at mabusisi ang produksyon ng *upland rice*. Bago pa makapagtanim ng binhi, kailangang simulan ang pagkakaingin sa mga buwan ng Marso o Abril. Sa kagubatan, ilang beses kailangang magputol ng puno bago ito sunugin. Kailangang hawanin ang parsela ng lupa ng mga damong tumubo bago maisagawa ang aktwal na pagtatanim. Limang buwan ang siklo ng pagtatanim, kaya Setyembre o Oktubre pa makapag-aani ang pamilya ni Marilyn. Dahil nakaasa sa ulan, dalawang beses lamang sa isang taon ang siklo ng taniman.

Kung may sarili sanang sakahan sina Marilyn, hindi na nila ito kailangang gawin. Ngunit dahil monopolisado ng lokal na panginoong maylupa ang mga sakahan, natataboy ang mga tulad nila sa mga prontera kung saan obligadong magkaingin para magkaroon ng lupang matatamnan. Kung makikisaka naman sila sa panginoong maylupa, lugi sila sa laki ng gastos sa produksyon.

"Pahirap talaga ang pyudalismo dahil atrasado ang produksyon. Paisa-isa at manu-manong inaani ang palay at napakabagal nito," paliwanag ni Ka Lean, isa sa mga Pulang mandirigmang lumahok sa pagtatanim. Samantala, kumikita ang panginoong maylupa, may ani man o wala.



Sa buong prosesong ito, pinakamahusay ang kooperasyon sa pagsasaka. Sa rehiyon, tinatawag itong *araglayon* o *tiklos*. Layunin nitong pabilisin ang mabusising proseso ng produksyon ng bigas.

Ngayong panahon ng habagat, plano ng yunit ni Ka Lean na tumulong sa produksyon ng anim na pamilya ng mga maralitang magsasaka para ipakita ang husay ng kolektibong pagtatrabaho. Makatutulong din ito para mahikayat silang magtayo ng asosasyon na mangangasiwa sa iba't ibang anyo ng tulungan at hatian sa pagtatrabaho at ani.

"Hindi naman sa lahat ng panahon naandito ang hukbo. Kailangan din naming madeploy sa ibang erya. Ang samahan ang magtitiyak na magpapatuloy ang kanilang tulungan," paliwanag ni Ka Lean.

Ngunit may mas mahalagang layunin ang pagtatayo ng asosasyon, pagdidiin niya. Kailangang harap-harapang hamunin ng masang magsasaka ang kapangyarihan ng panginoong maylupa sa pamamagitan ng pakikibakang anti-pyudal. Dito nila naigigiit ang pagpapababa sa upa sa lupa, pagpapataas ng sahod ng mga manggagawang-bukid, pagpapatanggal sa usura, pagpapataas ng presyo ng produktong agrikultura, at iba pa. Sa gayon, nagkakaroon sila ng mahahalagang karanasan at kasanayan sa pagharap sa kaaway sa uri, sa paggigiit sa kanilang karapatan, paglalantad sa kaaway, at paggiit ng kanilang mga hinaing.

Kasabay nito, marapat lumahok ang masang magsasaka sa armadong pakikibaka, na siyang pangunahing porma ng demokratikong rebolusyong bayan. Sa pamamagitan lamang nito mapagtatanggol ng hukbo at masa ang mga tagumpay ng pakikibakang antipyudal. Higit sa lahat, malalansag lamang ang monopolyo sa lupa at kapangyarihan sa kanayunan ng panginoong maylupa kung lalabanan ito ng masang armado.

Bilang mersenaryong hukbo ng naghaharing uri, ang pasistang pwersang militar at pulis ng reaksyunaryong estado ay labis na mapaniil sa mga samahang magsasaka. Katunayan, sa baryo nila Marilyn, talagang bumagsak ang produksyon dahil sa militarisasyon. Mas nalimitahan ang oras ng pagtatrabaho sa sakahan ng mga magsasaka at natatakot din silang tumungo rito tuwing may operasyon. Dagdag na pahirap ito sa kanila sa gitna ng krisis sa langis, habang ang mga pasista sa baryo ay nagpapasarap lang, nagsusugal at nag-iinuman pero sumusweldo nang malaki.

"Sweldado sila ng mamamayan pero nananakot at pahirap lamang sila sa amin," sabi ni Marilyn. "Ang BHB, sila ang tumutulong sa amin na paunlarin ang aming produksyon."

Lubos ang saya ng kanyang pamilya na makatuwang ang hukbong bayan sa pagpapasigla ng produksyon at pagpapatatag ng samahan ng mga magsasaka sa kanilang baryo.

---

*Hango sa Larab, Mayo 2026.* AB

# 78

**ang naitalang namatay** at 5,000 ang napalikas sa kanilang mga tirahan matapos tumama ang lindol na may lakas na 7.8-*magnitude* sa Sarangani at kalapit na mga prubinsya noong Hunyo 8. Tinatayang umaabot sa ₱1.2 bilyon ang napinsala sa imprastruktura at ₱29.8 milyon sa agrikultura.

# 154 grupo

mula sa 30 bansa **ang nanawagang ibasura ang Pax Silica hub sa Pilipinas** sa manipestong pinamagatang "SHUT THE PAX DOWN! A Global Call to Reject Pax Silica's Economic Security Zone in the Philippines."

Pinagkunan: International League of Peoples' Struggle



# ₱700 milyon

pampublikong pondo ang sinasabing **nawaldas sa 28-araw** na pamumuno ni Sen. Alan Peter Cayetano dahil sa maniobrahan at agawan ng pusisyon sa Senado. Pinalitan si Cayetano at iniluklok ng bagong mayorya si Sen. Sherwin Gatchalian bilang presidente ng Senado noong Hunyo 17.

# 62%

ng **gamot sa Pilipinas ang imported**; hindi pa kasali dito ang may tatak na "lokal" pero ang totoo'y mga imported din at nirerepake lamang sa loob ng bansa.




# 300+

manggagawang Pilipino **ang nawalan ng trabaho** nang iligal na ipasara ng Department of Defense ang Philippine Sanjia-Steel Corporation, isang kumpanyang Chinese, sa Tagoloan, Misamis Oriental. Ipinasara ang kumpanya dahil katabi ito sa itinatayo ng AFP na 300-ektaryang *naval dry dock* para sa US sa Macajalar Bay.

# 126 *rider*

ng Food Panda sa Eastern Visayas and **idineklara bilang mga regular na empleyado** sa makasaysayang hatol ng NLRC na nagtitiyak sa seguridad sa paggawa ng *gig workers.*



# 1 sa bawat 4

na batang Pilipino ay **bansot (*stunted*)** dahil sa malnutrisyon at kakulangan sa sapat na sustansya sa unang 2 taon ng kanilang buhay.



# $19.2 BILYON

**kinita ng Israel noong 2025** sa pagbebenta ng mga armas na "battle-tested" o subok sa henosidyo. Kalakhan ng kita ay mula sa Europe (pinakamalaki sa Germany) at Asia, kabilang sa Pilipinas. Pinakamarami ang mga misayl, kontra-misayl at mga *rocket*, kasunod ang mga gamit pang-sarbeylans at "optoelectronics."

# EPIRA: 25 taong pagpapahirap sa masang Pilipino

Nagmartsa sa Mendiola ang mga progresibong grupo noong Hunyo 8 upang kundenahin ang 25 taong pagpapahirap ng Electric Power Industry Reform Act (EPIRA) sa milyun-milyong Pilipino. Sa ilalim ng batas na ito, naging ikatlo ang Pilipinas sa may pinakamahal na kuryente sa buong Asya.

Ipinasa ang EPIRA noong Hunyo 8, 2001 sa harap ng noo'y mataas na presyo ng kuryente, at hindi matatag na suplay. Sinasabing layunin nitong pababain ang presyo sa pamamagitan ng kompetisyon, paghihiwalay ng *generation, transmission, distribution*, at *supply*, at pagresolba sa malaking utang ng National Power Corporation (NAPOCOR).

Itinatag ang NAPOCOR bilang korporasyong panggubyerno noong 1936 upang magtayo at magpatakbo ng mga pasilidad ng kuryente, lalo na sa mga liblib na lugar. Pagsapit ng Disyembre 2000, umabot sa ₱900 bilyon ang utang nito, dahil pumasok ito sa mga kasunduang pabor sa mga pribadong kumpanya (tinawag na mga *independent power producers*) noong panahon ng rehimeng Ramos. Sa ilalim ng mga kontratang ito, obligado ang NAPOCOR na bayaran ang 70–100% ng kuryente kahit 20–40% lamang ang aktwal na nagagamit. Dagdag pa rito, sinagot nito ang gastos sa langis at paggalaw ng palitan ng piso at dolyar, na lalo pang nagpalala sa pagkalugi.

Noong 2002, napilitang rebisahin ni Gloria Macapagal-Arroyo ang mga kontratang ito dahil sa malawakang protesta. Dagdag dito, dahil sa malaking utang at presyur mula sa Asian Development Bank, World Bank, at Japan Bank for International Cooperation, tuluyang naisabatas ang EPIRA.

Sa ilalim ng batas, pinahintulutan ang malalaking kumpanya na magmay-ari ng mga kumpanyang para sa produksyon at distribusyon ng kuryente. Karamihan sa mga plantang nagpoprodyus ng kuryente ay hawak ng malalaking burgesyang kumprador tulad nina Ramon Ang, Enrique Razon, Manny Pangilinan, mga Aboitiz, Ayala at Lopez. Nangunguna ang San Miguel Corporation na may 22.4% ng *national grid*, kasunod ang Aboitiz na may 21.75 porsyento.

Habang kumikita ang mga pribadong kumpanya, nananatiling mataas ang utang ng NAPOCOR, na nasa ₱262 bilyon noong Hunyo 2025. Pamahal din nang pamahal ang singil sa gitna ng hindi istableng suplay ng kuryente sa bansa.

**Patung-patong na singil**

Sa ilalim ng EPIRA, itinayo ang tinawag na Wholesale Electricty Spot Market (WESM), kung saan bumibili ang mga distribyutor ng kuryente. Pinapayagan ang mga distribyutor, tulad ng Meralco, na ipasa sa mga konsyumer ang kanilang gastos. Kabilang dito ang *system loss charge* o singil para sa kuryenteng nawawala dulot ng luma at sirang imprastruktura, pagnanakaw, at mga pagkukulang sa pamamahala. Sa ganitong sistema, nagbabayad ang mga konsyumer para sa kuryenteng hindi nila nagamit.

Dagdag pasanin ng mga konsyumer ang 12% Value-Added Tax (VAT) na ipinapataw hindi lamang isang beses, kundi hiwa-hiwalay sa bawat bahagi ng singil—produksyon, transmisyon, distribusyon, pagmemetro, suplay, at maging sa *system loss charge*.



Pinatibay rin ng EPIRA ang *cross-subsidy scheme* kung saan ang mga konsyumer, sa halip na ang gubyerno, ang sumasagot sa subsidiyo para sa mahihirap at iba pang dapat sinasagot ng estado tulad ng diskwento sa *senior citizen*, pagbabayad ng utang ng NAPOCOR at iba pa. Ang mga ito ay ipinapasa bilang “pass-through charges” o mga bayaring kinukolekta ng mga kumpanya sa distribusyon tulad ng Meralco para sa iba't ibang ahensya at *power suppliers*.


**Paglaban para sa makamasang serbisyo**

Kailangang patuloy na ilantad at ibasura ang EPIRA, na walang hatid kundi pagdurusa at pinsala sa mamamayan at sa ekonomya sa nakaraang 25 taon. Hangga't hawak ng malalaking kumpanya ng burgesya ang estratehikong industriyang ito, walang magbabago sa nararanasang mahal at palpak na serbisyo sa kuryente. Ang laban para ibasura ang EPIRA ay bahagi ng mas malawak na paglaban sa pribatisasyon, deregulasyon, at liberalisasyon na ipinataw ng International Monetary Fund at World Bank ilang dekada na ang nakararaan.

Tanging sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan at pagtatag ng diktadura ng proletaryado, tunay na maitatayo ang industriya ng kuryente na magsisilbi sa mamamayan. Sa bagong demokratikong gubyerno, isusulong ang pambansang industriyalisasyon, kung saan lahat ng serbisyong panlipunan kabilang ang kuryente ay magiging para sa kapakinabangan ng mamamayan. Tatanggalin ang monopolyo ng mga burukratang kapitalista, mga burgesyang komprador at dayuhang kapitalista sa mga industriya at ipaiilalim ang mga ito sa pamamahala ng gubyerno ng mamamayan. AB

# Pagbawi ng nakaw na yaman, nalubos na ng pamilyang Marcos

Ibinasura ng Sandiganbayan Special Division noong Hunyo 2 ang Civil Case 0141, ang natitirang kaso laban sa nakaw na yaman ng pamilyang Marcos, dahil sa matinding pagkaantala ng paghahain ng ebidensya ng prosekusyon. Inihain ang kaso noong Disyembre 17, 1991 at mahigit 30 taon nang nakabimbin. Kinasasangkutan ito ng ₱50 bilyong nakaw na yaman ng mga Marcos. Nagpasya ang hukuman matapos ihayag ng Presidential Commission on Good Governance (PCGG) na wala na itong ihahaing karagdagang ebidensya.



Itinatag ang PCGG noong Pebrero 1986 matapos mapatalsik si Ferdinand Marcos Sr. Bilang unang kautusan at komisyon na itinatag ng gubyerno ni Corazon Aquino, deklaradong layunin ng ahensya na bawiin ang lahat ng nakaw na yaman ng pamilyang Marcos at ng mga kroni nito na tinatayang nasa humigit-kumulang ₱589 bilyon ($10 bilyon).

Sa loob ng apat na dekada, humigit-kumulang ₱280 bilyon lamang ang nabawi ng ahensya sa anyo ng pera at ari-arian, kabilang ang $658 milyon sa Swiss *deposits*, $3.37 milyon na itinago sa New York, mga alahas ni Imelda Marcos, kita mula sa bentahan ng mga pinta na nagkakahalaga ng $17 milyon, at 57.68 ektaryang lupa sa Palawan na idineklarang nakaw na yaman noong 2024.

Gayunman, maraming kaso ang hindi na hinabol ng PCGG, habang ang iba ay ibinasura ng korte dahil sa kakulangan ng ebidensya o pagtigil ng ahensya sa paghahanap ng ebidensya at paghahain ng mga kinakailangang aksyon.

**Muling pagbawi sa mga ninakaw na yaman**

Sa loob ng halos apat na dekada, sadyang hindi pinursige ng mga nagdaang rehimen na bawiin ang nakaw na yaman ng mga Marcos. Noong 1992, nakipag-areglo sina Ferdinand Marcos Jr at Imelda Marcos sa administrasyong Ramos upang hatiin ang kanilang yaman at iligtas ito sa kumpiskasyon—isang hakbang na idineklarang "mapaminsala" ng korte. Dahil dito, pinatawan sila ng *contempt* at multang $353 milyon, na tinatayang umabot na sa $18 bilyon dulot ng pagbalewala ng mag-ina sa hatol.

Natalo din ang pamilya Marcos sa ilang kaso mula 2013 hanggang 2021, kabilang ang paghatol kay Imelda Marcos noong 2018 na nagkasala sa pitong bilang ng *graft*. Sinintensyahan si Imelda Marcos ng 42-77 taong pagkakabilanggo, bagay na hindi ipinatupad mula noon.

Sa pagbabalik ng pamilya sa pulitika, isinulong nila ang rehabilitasyon ng kanilang imahe at unti-unting pagbawi ng kanilang yaman. Sa ilalim ng pagkapangulo ni Marcos Jr, lalong bumilis ang pagbasura sa mga kaso laban sa kanila. Umabot sa 28 kasong kriminal at 43 kasong sibil ang isinampa sa kanila noong 1986–1995. Mula nang maupo si Ferdinand Marcos Jr sa poder noong 2022, hindi bababa sa siyam na kaso na ang ibinasura ng Sandiganbayan, na imbwelto ang nasa ₱400 bilyong yaman.

**Hindi nakalilimot ang sambayanan**


Kinundena ng Campaign Against the Return of the Marcoses and Martial Law (CARMMA) ang pagbasura ng Sandiganbayan sa kaso ng pagkakumpiska sa ₱50 bilyong nakaw na yaman ng pamilyang Marcos. Anito, natupad ni Marcos Jr ang layunin niyang maibalik ang mga ari-arian ng kanyang pamilya na kinumpiska ng estado, habang patuloy na nakikinabang sa kasalukuyang korapsyon.

Nakiisa ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa mamamayang Pilipino sa pagtuligsa sa desisyon ng Sandiganbayan. Anito, ang desisyon ay bahagi ng nauna nang serye ng mga desisyon ng mga korte na pabor sa mga Marcos.

Ayon kay Marco Valbuena, punong upisyal sa impormasyon ng PKP, ang mga nakaraang desisyon ng Sandiganbayan at Korte Suprema ay patunay kung papaanong ginagamit ng mga Marcos ang pampulitikang kapangyarihan para magkamal ng napakalalaking halaga ng yaman mula sa pera ng mamamayan. Aniya, ang mga hakbang na ito ay nagbibigay daan sa higit pang pribilehiyo at korapsyon, na lalong nagpapagalit sa mamamayang hindi nakakalimot sa bilyun-bilyong nakaw na yaman at libu-libong biktima ng pang-aabuso ng diktadura. AB

## Mga paglabag sa karapatang-tao ng AFP, walang pakundangan

Sa nagdaang mga linggo, naitala ang mga paglabag sa karapatang-tao laban sa mga magsasaka, mangingisda at kabataang estudyante ng mga elemento ng Armed Forces of the Philippines at ng lokal na gubyerno.




**Demolisyon.** Kinundena ng Pamalakaya-Cavite ang iligal na paggiba ng *demolition team* ng lokal na gubyerno ng Bacoor City sa mga bahay ng mga mangingisda sa Barangay Talaba 2 noong Hunyo 15. Walang dalang dokumento ang mga tauhan, kundi "berbal na kautusan" lamang. Batay sa dayalogo ng grupo kay Meyor Strike Revilla noong Mayo, dapat hanggang Hulyo pa mananatili ang mga mangingisda, at mabibigyan ang pangunahing apektado ng *fisherman's dorm* o tirahan.

Noong Hunyo 1, sapilitang pinalayas at winasak ng mga tauhan ng Pieceland Corporation ang nasa 14 na natitirang bahay ng mga katutubong Mangyan-Iraya sa Sitio Malatabako, Barangay San Vicente,, Abra de Ilog, Occidental Mindoro. Naganap ang insidente matapos magdesisyon ang Abra de Ilog Municipal Trial Court noong Abril 8 na maysala sa kasong "other forms of trespass" (panghihimasok) ang siyam na katutubong Mangyan-Iraya.

**Pagdukot at tortyur.** Sapilitang dinukot ng mga nakasibilyang ahente ng 5th ID si Angel Lopez, konsehal ng UP Dilman University Student Council at boluntir ng Youth Advocates for Climate Action Philippines noong Hunyo 13 habang nagsasagawa ng kampanya sa impormasyon at edukasyon sa Barangay Kakiduguen, Kasibu, Nueva Vizcaya. Sa kustodiya ng militar, ipinailalim siya sa sikolohikal at emosyonal na tortyur. Nasa lugar siya upang tumulong sa kampanya para sa mga komunidad na maaapektuhan ng operasyon ng North Luzon Mineral Resources Corporation. Nakakampo ang 86th IB sa barangay *hall* ng Kakiduguen na naglalayong pigilan ang paglaban ng mga residente sa pagmimina sa kanilang komunidad.

**Militarisasyon.** Mula Hunyo 7 hanggang sa kasalukuyan, nakapailalim sa militarisasyon ng 62nd IB ang mga komunidad sa Central Negros. Noong Hunyo 8, iligal na hinalughog ng militar ang mga kabahayan sa mga sityo ng Punong, Nabakalan, Anahaw, Tribu, Laos, at Agpapataw na matatagpuan sa hangganan ng mga barangay ng Trinidad, Sandayao, at Binobohan sa Guihulngan City, Negros Oriental. Samantala, nagkampo naman ang ilang sundalo sa Agogolo Elemenrary School sa Barangay Macagahay, Moises Padilla, Negros Occidental na nagdulot ng takot at perwisyo sa mga guro at estudyante. Lubha ring apektado nito ang kabuhayan ng mga residente. AB

---

## Ika-10 kongreso ng FRSO ng US, binati ng PKP

Matagumpay na naidaos ng grupo sa US na Freedom Road Socialist Organization (FRSO) ang kanilang ika-10 Kongreso noong Mayo sa kritikal na panahong umuunlad ang mga pakikibakang bayan at bumibilis ang pagbulusok sa krisis ng monopolyo kapitalismo sa US. Nagpaabot ng pagbati sa kongreso ng FRSO ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP).

Ang FRSO ay isang pambansang organisasyon ng mga rebolusyonaryong nakikibaka para sa sosyalismo sa US. Ayon sa grupo, mula nang inilunsad nito ang huling kongreso noong 2022 ay nagkaroon ng ekstraordinaryong paglawak at pagdami ng kasapian nito sa mga syudad at bayan. Nagsama-sama sa kongreso ang 185 delegado at 101 alternatibong myembro nito, na pinakamarami sa nagdaang mga kongreso. Nagmula sila sa lahat ng estado ng US. Malaking mayorya ng mga delegado ay mas bata sa edad na 35 taong gulang at mahigit 40% ay nagmula sa aping mga nasyunalidad. Halos kalahati naman ng buong kongreso ay mga babae at bahagi ng LGBTQ+.

Sa nakaraang mga taon, napamunuan ng FRSO ang ilang mga protestang nilahukan ng daanlibong mamamayan at ganap na naging isang pwersa sa kilusang masa. Iniulat ng grupo ang pag-unlad sa mga gawain sa kilusang paggawa, aktibong pagbubuo ng mga pambansang kilusan, at pakikiisa sa mga internasyunal na pakikibaka tulad sa Palestine at Pilipinas. Nagsumikap rin ang buong kasapian nito para labanan ang reaksyunaryong mga atake ni Trump. "Sumusulong tayo sa landas patungo sa layunin ng pagbuo ng bagong partido komunista na makapanghahamon sa kapangyarihan," pahayag ng FRSO.

"Ang inyong pagtitipon ay isang mahalagang tagumpay para sa uring manggagawa at lahat ng pinagsasamantalahan at aping mamamayan sa pusod ng imperyalistang halimaw," pahayag ng PKP. Dagdag ng Partido, labis na napapanahon ang kongreso laluna at napakabilis na umiigting ang mga kontradiksyon sa US at sa buong mundo.

"Tumatanaw kami sa patuloy na magkasamang pagkatuto at pakikibaka, para abutin ang higit pang mga taugmpay para sa mamamayan, at para magmartsa nang magkasama sa pagkakamit sa kalayaan, hustisya, at maliwanag na sosyalistang kinabukasan, at higit na mas maningning na komunistang hinaharap," ayon sa PKP. AB